（タガログ語）

令和 Reiwa, Year 年: 5 Month 月: 10 Day 日: 5

Para sa mga magulang/tagapag-alaga
保護者　様

Toyohashi Municipal 豊橋市立_TameSchool
School Principal 学校長: Skai Kenichi

## (Abiso) Tungkol sa Reporma sa Bayad para sa Unang Konsultasyon sa mga Institusyong Medikal "SHOSHINJI SENTEI RYŌYŌHI"

医療機関受診時の初診時選定療養費の変更について（お知らせ）

Nagpapasalamat po kami sa inyong pakikipagtulungan at suporta sa mga aktibidad na pang-edukasyon ng ating paaralan.

Ang bayad para sa unang konsultasyon na tinatawag na "SHOSHINJI SENTEI RYŌYŌHI" ay kailangang bayaran sa mas malalaking institusyong medikal. Simula October 1, 2023, sa NARITA KINEN BYŌIN (Narita Memorial Hospital) ay magbabago ang presyo ng bayad para sa unang konsultasyon.

Kung sakaling magkaroon ng emergency sa ilalim ng pangangasiwa ng paaralan, bibigyan ng prayoridad ang buhay ng mag-aaral at kung kinakailangan, dadalhin ang mag-aaral sa isang institusyong medikal, ngunit sa ganitong mga kaso, ang mga magulang ay dapat magbayad ng mga sumusunod na halaga. Gayunpaman, mula Abril 1, 2023, ang mga medikal na gastos na binayaran ng mga magulang para sa unang konsultasyon na tinatawag na "SHOSHINJI SENTEI RYŌYŌHI" ay karapat-dapat para sa subsidy sa pamamagitan ng pag-apply sa Toyohashi City.

1. Gastos para sa unang konsultasyon sa mga institusyong medikal (Binago noong October 1, 2023)

| Medikal na Institusyon | Pakay: | Babayarang Halaga |
|---|---|---|
| TOYOHASHI SHIMIN BYŌIN | Elementary students<br>Junior high school students<br>Senior high school students | ¥7,700 |
| TOYOHASHI IRYŌ CENTER | Elementary students<br>Junior high school students | Libre<br>( After working hours: ¥1,650 ) |
| | Senior high school students | ¥3,300 |
| NARITA KINEN BYŌIN | Elementary students<br>Junior high school students<br>Senior high school students | Medical: ¥7,700<br>Dentist: ¥5,500 |

※ Dahil ito ay hindi saklaw ng health insurance, walang subsidy mula sa insurance ng "KODOMO IRYŌ" o insurance ng aksidente sa paaralan ng "SPORTS SHINKŌ CENTER".

2. Mga kaso kung saan hindi na kailangang magbayad para sa unang konsultasyon.

(Mga Halimbawa)
- Kung may dalang referral letter mula sa family doctor.
- Kung tumatanggap ng tulong mula sa gobyerno ("SEIKATSU HOGO" o "BOSHI IRYŌ"), maliban sa "KODOMO IRYŌ".
- Kung na-ospital pagkatapos ng medikal na konsultasyon .
- Kung dinala ang resulta ng isang medikal na pagsusuri upang sumailalim sa pangalawang pagsusuri.

**※ Gayunpaman, maaaring may mga pagbabago depende sa ospital.**

**※ Sa** NARITA KINEN BYŌIN **(Narita Memorial Hospital), hindi sisingilin ng anumang bayad para unang konsultasyon na tinatawag na "SHOSHINJI SENTEI RYŌYŌHI" kung sinakay ng ambulansya.**

日頃より、本校の教育活動にご協力と温かいご支援をいただき、ありがとうございます。

さて、一定規模以上の医療機関を受診する場合、患者負担の初診時選定療養費がかかりますが、令和５年１０月１日から成田記念病院の初診時選定療養費が変更になります。

学校の管理下での事故等においては、子どもの命を最優先に考え、医療機関に搬送しますが、こうした場合には、保護者の方に下記の金額をご負担いただきます。ただし、令和５年４月１日から保護者の方が負担した初診時選定療養費については、豊橋市に申請することにより助成の対象となっています。

| 医療機関 | 対象 | 負担金額 |
|---|---|---|
| 豊橋市民病院 | 小学生・中学生・高校生 | ７，７００円 |
| 豊橋医療センター | 小学生・中学生 | 無料（時間外　１，６５０円） |
| | 高校生 | ３，３００円 |
| 成田記念病院 | 小学生・中学生・高校生 | 医科：７，７００円<br>歯科：５，５００円 |

※ 保険診療外のため、子ども医療及びスポーツ振興センターの給付対象とはなりません。

２　初診時選定療養費がかからない場合（例）
・かかりつけ医からの紹介状を持参した　・子ども医療を除く国・県・市などの公費負担医療（生活保護・母子父子医療等）を受給している
・診療後に入院した　・検診結果を持参し、その二次検診で受診した

※ただし、医療機関により異なります。　※成田記念病院は、救急車で搬送された場合は初診時選定療養費はかかりません。